



Walong Diwata ng Pagkahulog

Edgar Calabia Samar

Download now

Read Online ➔

Walong Diwata ng Pagkahulog

Edgar Calabia Samar

Walong Diwata ng Pagkahulog Edgar Calabia Samar

"Binubuksan ng nobelang ito ang panibagong yugto sa pagsusulat ng nobela. Malayo na ito sa tradisyon ng mga romantisista at modernista, na laging mabigat sa dibdib ang paglalahad ng naratibo. Sa akdang ito wala nang imposible sa materyal at maging sa pamamaraan ng paglalahad nito. Tinatangka nitong lampasan ang wika ng isipang malay, at wala o hindi nangyari. Ikinakatuwa ko ang mga akdang tulad nito na nangangahas magpakilala ng pagbabago sa paglalahad ng naratibo." -Jun Cruz Reyes

Walong Diwata ng Pagkahulog Details

Date : Published 2008 by Anvil Publishing, Inc.

ISBN : 9789712720666

Author : Edgar Calabia Samar

Format : Paperback 233 pages

Genre : Fantasy



[Download Walong Diwata ng Pagkahulog ...pdf](#)



[Read Online Walong Diwata ng Pagkahulog ...pdf](#)

Download and Read Free Online Walong Diwata ng Pagkahulog Edgar Calabia Samar

From Reader Review Walong Diwata ng Pagkahulog for online ebook

Catriona Abo Kado Po says

Ang Pinoy bersyon ni Murakami ngunit may sariling istilo gamit ang kulturang Pilipino.

Pinaghalo ang realidad, mga karanasan at mahika- dwende, nuno, diwata, aswang..etc.

Babanggain at hahamunin ang iyong paniniwala sa pag-aaral o pagiging intelektwal, pag-ibig, karanasan, pulitika, relihiyon, mga kwentong nagmula pa sa mga ninuno natin.

Aalamin ang katotohanan sa paraang kasinungalingan upang bigyan linaw ang mga sobrang pagkakataon na pupukaw sa iyong puso't damdamin na sa huli'y isang malaking kabiguan o trahedya na sisingilin ang iyong konsensiya sapagkat ikaw ay iniligaw ng iyong budhi at pandama.

Para sa akin kuwento ito ng apat na magkaka-ibigan patungkol sa Atisan na kung saan ay itinuring silang mga Diwata upang magsulat at sila'y alalahanin. Mga Diwata para sa akin sila - Daniel, Eric, Glen, Michael, Orange, Tiyo Tony, Aling Bining, at si Olivia. Ang kuwento nila para sa akin ay hango sa Biblia na kung saan ang mga Anak ng Diyos ay hindi pinapag-asawa sa mga Anak ng Tao (Kabanata:Atisan), mahiwaga at may kapangyarihan.

Maraming mga kasabihan na hindi mo matatawaran sapagkat sumasalamín sa ating buhay katulad nito;

"Maraming mundo ang bawat tao. Gagawin mo iyon kung wala kang makapa. Dadagdagan mo kung kulang, hahanapin kapag nawawala. Kung matagpuan na, pilit iyong tatakasan ng mga duwag at wawaratin naman ng matatapang para makagawa ng iba."

"Minsan, baka kulang sa karanasan kaya kailangan lumabas, magmasid, makihalubilo sa iba, hanggang madama ang malalim na talab ng larawang sumasalamín sa katotohanan na mapait o marahas man ay may angkin ding kagandahan at kahiwagaan."

Mahusay at napakagaling!. 5 stars para sa akin. Ako'y inaliw, dinala, at iniligaw ng mga Diwata upang makaalam ng makabagong istilo ng pagkukwento o nobela na sadyang pinaghalo ang katotohanan at kahiwagaan.

Jayvie says

Walong Diwata ng Pagkahulog. Bakit? Inihahalintulad sa isang pusa, may siyam na buhay. Sa bawat isang pagkahulog isang diwata ang magliligtas sayo sa kamatayan. At dahil walo lang, sa pang siyam na pagkahulog siguradong dedo ka na. Wala ng diwatang magliligtas sayo, kaya siguraduhin mo na sa pang siyam na buhay ay ayusin mo na ang lahat sayo para hindi na humantong ulit sa pagkalaglag.

Yun ang pagkakaintindi ko sa titulo, ewan ko na lang sayo kung anu ang sayo.

Walong Diwata ng Pagkahulog

Isang nobelang naglalayon na turuan tayo kung paano gumawa ng makabagong nobela, malayo na sa

panahon ng mga antigong makata. Mga makabagong paraan ng paglalahad sabi ng iba. Maraming elemento ang napapaloob sa bawat kwento, marami ring mga matatalinhaga na magtutulak sayo na magmuni-muni nang ilang sandali para mag-isip nang napakalalim.

Sa ilang araw kong binuno sa pagbabasa nito. Aaminin ko, madalas akong maligaw sa Atisan. Hindi ko madalas nasusundan agad ang nangyayari sa kwento kaya pagkaligaw ang kinahahantungan ko. Medyo mahirap ngang basahin, dahil patagpi tagpi ang mga kwento ng nakaraan ng bidang si Karl Daniel/Ayel. Mayroong tungkol sa Atisan, merong tungkol sa mga kaibigan, at merong tungkol sa sarili niya mismo. Flashback dito, flashback doon. Minsan hindi pa tapos ang kwento niya sa isa sisingitan na agad ng isa pa, kaya wala kang magagawa kundi magpatuloy sa pagbabasa, pagbabakasakaling makumpleto ang kwento ng nauna.

Kung tutuusin hindi naman pangit ang libro. Marami punto ang may-akda na talaga namang sinang-ayunan ko. Malulupit din ang mga napili nyang salita sa paglalahad. Mapapalawak pa nito ang malawak mo nang imahinasyon. Isa lang ang problema, masyadong seryoso ang paraan ng kanyang pagsusulat kaya nakakawalang gana na minsan. At minsan ay nakakaantok.

Pero sa tingin ko, ito na ang umpisa ng malulupit na nobela na aayon na sa mabilis na modernisasyon ng lipunan. Ito na ang simula ng pagkabuhay ng makabagong literatung Pilipino.

Ara says

Malungkot. Mabigat. Naligaw. Naghanap. Nahulog.

Paulit-ulit ko itong nararamdaman habang binabasa ko ang libro, kahit pa paputol-putol ang kwento iba-ibang bigat sa kalooban ang hatid nito. Habang nahuhulog ka mapapagtagni-tagni mo ang bawat kwento at makakabuo ng maraming tanong. Maraming- marami. Ngunit sa huli masasagot ang mga tanong, mabibigyang linaw ang lahat. Teka lahat nga ba talaga? Kailangan bang may sagot sa lahat ng bagay. O mas dapat tanggapin dahil kailangang mangyari.

Teka kahit ako nawi-wirduhan na sa mga pinagsasabi ko, basta alam ko 5 stars ito dahil napadama niya sakín ang pinakamalungkot na kwento, tagos talaga eh.

Buti na lang at tinigil ko ang pagbabasa nito nang panahong gulung-gulo ako, kungdi baka magawa ko ang bagay na ginawa ni Erik, dahil maiisip kong walang saysay ang lahat, lahat tayo mauuwi sa wala.

Juan says

Gusto nyo bang pumasok sa isang labirinto? Magmala-detektiv?

O ang maligaw kaya? At habang tinatahak ito, kung hindi diwata ang inyong makasalubong, e pangit na tiyanak! Kung may mahulog, palagay ko'y siyam na buhay naman ang bitbit nyo, ano? Tara!

Isa ito sa maraming aklat na ilang beses kong binuklat sa tuwing tumatambay ako sa tindahan. Kung anong pahina ang mabuksan ko, doon ako nagsisimula pero para sa araw lang na iyon. Sa mga sumunod na pagbisita ko ibang pahina uli, iba uling tema. Kada punta iba-ibang kuwento. Binili ko na!

Madalas ganito ako magsimula ng pagbabasa, nanghuhuli muna ng moda para masakyan ko kung anong daloy ng isipan at damdamin ng may akda ang nakapaloob sa kuwento. At masasabi ko na ang isang ito'y hindi madaling hulihin, mahirap tugisin at talagang nakakaligaw! Ang aklat na ito ang talagang hinahanap ko kung saan natagpuan ko ang mga pagbabago sa pagkukuwento at daloy ng naratibo. Ibang klase!

Ang Walong Diwata ng Pagkahulog ay nanalo sa 2005 NCCA Writers Prize at napasama sa 2009 Man Asian Literary Award. Ang galing lang diba!

Wasak na nobela ito kung saan nag-ugat ang lahat sa katauhan ni Daniel bilang pangunahing tauhan sa nobela at sa kanyang kabaliwan tungo sa pagsulat at paglikha ng pinakamagandang nobela.

Sa kanyang pakikipagsapalaran sa pag-abot dito, nagsanga-sanga ang mga kuwento ng pagkabata, ng pagkakaibigan, ng pamilya, ng pag-ibig at ng pagkatao at nasangkot rin ang duwende, tiyanak, multo, sirena, at bayan na punong puno ng misteryo at mahirap ipaliwanag. O diba ang saya!

Naghalo na ang realidad at hiwaga! nakalikha ng mundo si Daniel ngunit ang nobela? Ang pinakamagandang nobela, nalikha niya ba?

Bukod sa mga elementong ito, napapatigil ako para uriin kung sinong persona na ang nagkukuwento. Si Daniel-Si Edgar-Arcangel at iba't ibang karakter na biglang sumusulpot ng walang pagpaparamdam. Kasama pa ang mga pangyayaring mahirap tukuyin kung kelan naganap , nagsimula at natapos. Maging ang mga pilosopikong pag-iisip sa mga bagay at mga pangyayaring gumigising sa ating kamalayan.

Dumadausdos nang pagkalalim at tuluyan nang nahuhulog at pagdating sa dulo ibinabalik tayo ng kuwento mula sa kabaliwan tungo sa katinuan.

Nakawiwindang pero sa pag-uulit at pagbabasa muli nito naroroon ang kalinawan, nandun ang unawa at kabuohan ng kuwento.

Mahusay at matapang si Prof. Edgar Samar sa paglikha at pagkakaroon niya ng mataas na antas ng kamalayan sa buong kuwento at kakaibang takbo ng naratibo.

Binigyan niya ng totoong pagbabagong anyo ang mga naunang uri ng kuwento at pagkukuwento sa nobela. Sa kawasakan ng daloy ng naratibo, naroon ang pagkakaroon ng daluyong ng kaayusan. Naiiwan lang ang pakiramdam at mga gunita ng pagkaligaw at pagkahulog.

Sa huli ang nobelang ito'y napakahusay!

Kalalabas lang ngayonng taon ang salin nito sa Ingles, ang Eight Muses of the Fall. Pang-Internasyunal talaga! WASAK!

Sunod nito baka pelikula na. Mabuhay ka Sir Egay!

Mirvan Ereon says

I love this book. Read it twice already. It was a Murakami in Filipino language. Well, the narrator did say he

like Murakami and reads them. However, this book will only remind you of Murakami but it has its own unique and haunting voice. It has lots of puzzles, mysterious scenes, strange parts and all things that makes it very appealing to me. Very postmodern indeed. I love the table with all the cute images. This author is very imaginative and he certainly holds a great future ahead of him. Exquisite. I will be waiting for new works by this writer hungrily.

K.D. Absolutely says

Eight Muses of the Fall, the English translation of *Walong Diwata ng Pagkahulog* was longlisted in the 2009 Man Asian Literary Prize. This award is the Asian equivalent of Man Booker or Pulitzer.

This book has just made me interested on the books that figured, won or shortlisted, for that award. This book was only longlisted, yet it was already so brilliantly written, I thought it should have won if not at least, shortlisted. I used to ignore this award because I already have 2,400 physical books in my to-read pile here at home and collecting books that won or got nominated for that new award would obviously add more books and it will take me my whole life to finish all these. However, I am an Asian so it is expected that I should read more about our very own stories and also patronize our fellow Asian writers.

It tells the story of **Daniel/Ayel/Karl Kabute**, an aspiring Filipino writer and his three friends: **Erik, Glen** and **Michael**. Their friendship starts when they are young boys in San Pablo City then they part ways when they leave the town to study college or find jobs in other places. Daniel leaves San Pablo and settles in Marikina City. The story starts with Daniel writing an email to Michael recounting their experiences in a fictional place called Atisan located somewhere in San Pablo, Laguna.

The writing, particularly because of its rhythm, short fluid verses and the supernatural elements, was very similar to that of Haruki Murakami. Samar, through Daniel, acknowledged this by saying that he already finished reading all of Murakami's novels and short story collections. This was in that part when Daniel was questioning why most people closed to him left without saying a word as if almost mysteriously. There was also the reference to the darkness inside the well that was inspired by Murakami's *The Wind-Up Bird Chronicle*. However, in my opinion, Samar was not a Murakami's poor copycat. Samar built on Murakami's style by incorporating heartfelt familiar situations, unreliable narrator and effectively using shifting narratives. These fragmented narrations, that shifted almost every other pages, made me slowed down so it took me 9 days to finish this book. But no regrets. Samar's style was the reason why I finished the book. I wanted to find out what happened to the characters. The fragments were like pieces in a jigsaw puzzle. You would only appreciate the whole picture once you fit in the last piece.

The title was derived from the belief that cats have nine lives. Their ninth death, however, is their final one. For the first eight, the belief, according to Samar, is that there are 8 muses or "diwatas" who catch the soul of the cat from falling to the ravine. This falling image was similar to Holden Caulfield's vision of catching babies through in the rye. I don't want to spoil your fun but my interpretation of the ending was that Daniel died as he saw his mother holding the shoulder of the monster child or *tiyanak* in the final scene. Well, I just wanted to illustrate to you (in case you are planning to read this book) that Samar did not use straight storytelling and you have to interpret some parts of it in your desire to put that last piece of the jigsaw puzzle.

To summarize, this is an exceptional Tagalog book. Well-written in unconventional way. Samar just firmed up my belief that there are Tagalog books that are not written only to please romance or shallow readers. This may not really be an original work of art but at least Samar has that humility to admit his influences like Murakami or Salinger. He even did that using his character who even cited the titles of those works in the

book itself.

Bravo, Prof. Egay Samar! You made me proud of being a Tagalog novel reader. I hope more of our Filipino readers will give your book a try. It's so sad to see that most of them patronize English books and give flimsy reason that Tagalog novels are not at par with what they are reading.

I wish they knew better.

Ayban Gabriyel says

Nahulog rin ako tulad mo.

Ito ang unang librong dinampot ko matapos manalo ang kupunan namin laban sa kabila grupong nung una akong dumalo sa Meet-up ng The Filipino Group dito sa GR. Ang saya nun. Kami ang unang nakatatlong tamang sagot at unang rin nanggre-raid sa isang kumpol ng mga libro sa isang mesa. Napakaraming libro. Ang sarap tingnan. At mas lalong naging masaya nung nagumpisana nang magkagulo o magkalabo-labo sa mga di magkamayaw na pumili ng libro sa mesa. Ewan ko kung bakit ko ngayon ko lang muli na alala ang librong to, may kalahating taon na rin ng mapasaakin to. At hindi naman ako nagsisisi na ito ang dinampot ko.

Isinulat ni Edgar Calabia Samar, tubong Samar-- ay mali, San Pablo, Laguna pala at ngayon kasalukuyang nakatira sa Marikina. Itong dalawang lugar rin na ito ang dalawang setting sa nobela. Di ko alam kung paano ba ikakategorya ang librong ito o kung papaano ko sasabihin na kaiba ito sa mga nobelang nabasa ko na kadalasan sumasalamin sa mga pangyayari sa ating kasaysayan. Hindi ko rin masasabing isang romantiko o madramang nobela bagamat may elemento ng mga kalungkutan. Siguro post modernism? Ewan ko. Hindi ako sanay ikategorya ang mga binabasa ko, marahil gusto ko lang sabihin ay mas kaiba ito o ngayon lang ako naka basa ng ganito.

Ang kwento ay tungkol sa isang manunulat na nagsusulat at nagiisip ng maisusulat. Si Daniel, isang istudyante na madalas magpalit ng kurso sa kolehiyo na gustong maging manunulat at makagawa ng isang nobela. Siya ang pangunahing karakter. Ang pagtuklas niya sa kanyang sarili ay ang patuloy niya paghahanap ng mga kasagutan o hangganan sa mga hinahanap nya. Ewan ko. Pero ang wardo ng librong ito. Ewan ko rin bakit sa kabila ng kawirdohan nito, lalo ko itong di mabitawan at tinapos agad. Gusto kong mabuo ang kwento, gusto malaman ang nangyari. Tagpi-tagpi ng alala ang bawat chapter ng libro. Tagpi-tagping karanasan at nakaraan. Medyo mahirap basahin, minsan akala mo may narator, minsan ni Daniel ang nagsasalita. Tila may isang malay lang na naglalahad ng hubad niyang kaisipan. O isang taong binabalikan ang nakaraan nya, o isang taong tunambangan ng lahat ng alala ng nakaraan sa harap nya? Ewan. Medyo nakakalito. Pero malalaman mo rin ang sagot sa huli.

May elemento ng pantasya, kwento ng kwento ng iba. Kwento ng kwento ng ibang tao pero may kaugnay pa rin sa kanya. Wala akong ideya anung nais sabihin ng libro. Marahil tulad rin ng sabi sa libro, tayo lang naman ang naghahanap ng mga rason sa likod ng mga pangyayari sa buhay natin, tayo lang rin ang nagbibigay kahulugan. Dahil sabi nya, pwede namang nagkataon lang ang lahat. Ang tanging nabatid ko, nahulog ako sa kanyang kwento. At tila iniwan rin ako nitong nakasabit sa kwento na naghuhumiyaw na sana may karugtong pa, at may mga kapisaso pa ng mga alala na magbubuo dito. Sana.

Charlot says

Ito ang kauna-unahang mahabang nobela na Tagalog na aking nabasa. Akala madadala akong magbasang muli ng ilan pang obra ng ating ating mga manunulat dahil medyo nalito, nawala, at mins'y hindi ko maunawaan ang ilan sa mga bahagi ng kuwento ngunit mas lalo akong na motivate na magbasa pa ng sariling atin.

May kakaibang istilo ng pagsulat si Sir Edgar at wala pa akong nabasang ibang aklat ng Filipino na may katulad nyang istilo. Puno ng metapora at kailanagn ng matinding pag-iisip sa kahulugan ng mga ito. :-)

Ang Walong Diwata ng Pagkahulog ay kuwento ni Daniel at ng kanyang mga "binuong" kuwento upang "makabuo" ng isang kuwento ng kanyang buhay. Isang kuwento ng paghahanap at pagtuklas sa kanyang pagkatao.

Ang pagkakabuo ng kuwento ay parang maze, pasikut-sikot ngunit mgay patutunguhan pala sa huli. Ang galing!

Alden says

"Binubuksan ng nobelang ito ang panibagong yugto sa pagsusulat ng nobela." Ito ang panimulang pangungusap na mababasa sa blurb ni Ginoong Jun Cruz Reyes sa likod ng libro. Ang librong ito ay tila isang pintuan patungo sa makabagong paraan ng pagsusulat na ginagamitan ng iba't ibang elemento.

Matagal ko nang nakikita ang **Walong Diwata ng Pagkahulog** sa National Bookstore. Madalas pa nga, lagi itong katabi ng Unang Ulan Ng Mayo (dahil magkalapit lang naman ang apelyido ng nagsulat ng dalawang libro -- sina *Samar* at *Sicat*). Matagal ko na ring pinag-iisipan kung ano ang uunahin kong bilhin sa kanilang tatlo (kasama ang Lumbay ng Dila Genevieve L. Asenjo sa mga pinagpipilian ko). Base sa mga nabasa kong review dito sa Goodreads, nagdesisyon akong ito ngang kay **Edgar Calabia Samar** ang unahin dahil maraming nagsasabing may pagkakahawig ang estilo niya ng pagsusulat sa isa sa mga paborito kong author na si Haruki Murakami. Kita naman ang ebidensiya ng pagiging Murakami fan ni Samar dahil sa mga elementong nakapaloob sa librong ito tulad ng mga diwata, tiyanak, biglaang pagkawala ng mahahalagang tauhan at ang pagtambay sa balong malalim (tulad ng ginawa ni Toru Okada sa *The Wind-Up Bird Chronicle* ni Murakami na binasa ko bago ang librong ito). May mga pagkakataong nakikita ko ang sarili ko sa pangunahing tauhan sa kuwento na si Daniel. Mahilig kasi siyang magbasa ng mga libro ni Murakami at nabasa din niya ang *The Catcher In The Rye*. At, nais din niyang makapagsulat ng nobela subalit hindi niya ito masimulan.

Paalala lang sa mga nais basahin ang librong ito: Medyo nakakalito siyang basahin. May mga pagkakataong maliligaw ka sa takbo ng istorya dahil ang pangunahing tauhan ay para bang isang matalik mong kaibigan na matagal mo nang hindi nakakausap sa sobrang dami ng kanyang isiningit na kuwento na nilagyan pa ng maraming pagbabalik-tanaw o flashback.

250 pesos ang presyo ng libro. Medyo may kamahalan para sa isang librong gawa sa newsprint ang papel. Pero masasabi kong sulit ang bili ko dito. Susunod kong bibilhin ang Unang Ulan ng Mayo o kaya ang Lumbay ng Dila. Pero kung makita ko ang ikalawang nobela ni Samar na *Sa Kasunod ng 909*, baka sakaling unahin ko muna iyon. Masarap magbasa ng ganitong klaseng mga librong malayo sa tradisyunal na paraan ng pagsusulat.

Ranee says

May isang laro akong biglang naalala. Kunin ko daw ang pangalan ng aking alaga at ikabit ang ngalan ng kalye ng aming tirahan. Ito daw ang screen name ko kapag naging boldstar ako.

Blackie Bonifacio.

Masagwa. Di Kaaya-aya. Di nakakalibog, ika nga, epic fail.

Akala ko, ganoon din ang pakiramdam ko kapag natapos ko ang kwento ni Daniel. Hindi naman pala. Iyun nga lang, nanghihinayang ako at kathang isip lang siya. Marami kasi kaming pwedeng pagusapan tungkol ke Mr. Murakami, maghahanap ng balon at sasabihing, halika, dun tayo magkwentuhan. Pagandahan pa kami ng balon, yung tipong sasabihin ko na yung sa akin gawa sa red clay. Bricks! Para astig ang balon ko, may kaunting lumot sa gilid basta walang tubig ito. Takot kasi ako sa tubig, sa malalalim, tulad kasi nya, di naman ako natutong lumangoy. Psych grad ako, minsa'y na-psychoanalyze ko na ang di pagkatutong lumangoy, di daw kasi akong marunong mag-let go, maraming reservations kaya takot na isiping lumubog at iwan na lang ang lahat. Eh ano ngayon, rason ko sa sarili, eh di sa pampang na lang ako lagi, may salbabida naman eh, may life vest. Nasubukan ko na ring magSCUBA, lumubog na rin ako na kasama ang guide sa likod ko. Di ko kailangang lumangoy.

Sa mundo ni Daniel may mga diwata. May diwata daw na nabubuo dahil sa pangangailangan. Kailangan ng kalikasan, kailangan ng tahanan, kailangan ng laman. Ganun din kaya ang tiyanak? May tiyanak na nabubuo dahil sa takot, dahil sa lungkot, dahil sa pagkasawi? Paano ba sila magkakasya sa kanyang balon eh araw-araw siyang may pangangailangan, gabi-gabi rin ang tawag ng kanyang lungkot at sawi. Pero maari rin palang mamatay ang mga diwata. Kailangan lang silang ibaon sa limot, at pagkawari ko'y napakadaling gawin iyun sa bayan ng Atisan.

Nakakapanlumo. Ayoko kasing makalimot. Ayokong amining mawawala ang alaala ng kaibigang nangibang bansa, ayokong mabura ang ngiti ng high school crush ko, ang hele ng aking ina, ang kiliti ng aking ama. Pero ayoko din matandaan na nadisgrasya muna ang kaibigan ko kung kaya't kinailangang magpagamot sa ibang bansa, ang holding hands ng crush ko at ng kaklase ko, ang pagpalo ng aking ina at ang pangungulila sa OFW kong ama. Mahirap huminga kung nagsisiksikan kaming lahat ng mga diwata at tiyanak sa aking balon. Magigising na lang ako bigla, maaalalang di ako taga Atisan, walang diwata dito at sana nga'y walang mga tiyanak.

Umikot-ikot ako dahil sa nais kong maunawaan ang pangunahing karakter sa librong ito ni Sir Egay. Hinabol ko siya sa bawat pahina ng libro, sumama sa tabi ng riverbanks, naki-iyak sa tabi ng Sapang Ligaw. Gusto ko rin dumungaw sa tuktok ng Banahaw, di ko kasi talagang napagmasdan ang mga ulap dito nung inakyat namin ito. Nais ko ring tapusin ang 15 shots sa Cocomangas at magtanggap ng amats sa dalampasigan.

Hinahabol ko pa rin pala siya. Bakit nga ba? Marami pa siyang dapat ikwento, may nobela pa rin siyang tatapusin. Ilang diwata pa ang dapat mabuo at ilang tiyanak ang lulunurin. May balon pa kaming pupuntahan at pilit aakyat. May aral pa akong ipapanayam sa kanya, pakikinggan pa ang pinakamatinding kwento ng buhay niya. May libro pa akong ipapa-awtograp.

Di pa niya pala ako kilala. Paano ba dapat? Iaangat ko lang ba ang aking kamay o tatapikin siya sa balikat? Ano ba ang dapat? Hi ba o hello? Sa kanan o sa kaliwa? Diretsahan na lang siguro, ngingiti (oo, kailangang ngumiti para 'di siya matakot) at sasabihing, "Ako si Blackie Bonifacio, nice meeting you."

Maria Ella says

He tries to write the perfect novel but the character's being is incomplete, because the writer is incomplete. He tries to uncover the root cause, but it was uncovered to him. He tries to find the truth but then he's unable to...

He went to boracay to search for the missing link. Then he dies. Because the friend died. And his other friend dies. Then the other migrated.

Eight muses of the fall is the eight ways of dying. That is my personal sentiment.

And really, I felt irritated as I closed the book. *Cues WTF face.

DC says

Isa itong kwento tungkol sa isang kwentistang nag-kukwento ng kanyang kwento.

Iba't ibang paksa ang madadaan ni Daniel (ang bida... o siya nga ba?) habang siya'y nag-tatalambuhay: pagbabasa, panunulat, pag-ibig, pagkakaibigan, pulitika, relasyon, pamilya, pag-iisa, pilosopiya at paghahanap. (Sa totoo lang, marami talagang paksa siyang mapag-usapan.) May mga elemento rin ng mga alamat at mito (gaya ng diwata, dwende at tiyanak).

Medyo mahirap basahin ang librong ito. 'Di na bale ang talinhaga, pero...

- Una, pabalik-balik si Daniel sa kanyang mga kwento; maaalala niya ang kanyang nakaraan sa gitna ng pagtatala ng kanyang kasalukuyan.
- Ikalawa, maraming pilosopiya ang nakaukit sa mga pahina nito. Mahihirapan ang isang mambabasa sa librong ito kung hindi siya mahilig sa pag-iisip ng *sobrang* malalim.
- Ikatlo, nag-iiba ang kapanahunan ng mga pandiwa paminsan-minsan. (Translation: verb tenses change every so often.) May pagkaimportante ito, kaya mabuti na siguro itabi muna ang pagiging **Grammar Nazi** kung may plano mang basahin ang librong ito.
- Ikaapat, dapat bukas ang kaiisipan para sa iba't ibang ideya na ipepresenta ng librong ito. Baka mainip o mayamot ka lamang kung hindi mo gagawin ito.

Kung hindi naman problema ang mga isinaad ko, sige lang. Nag-kukwento na si Daniel. Hayaan mong mamangha ka sa kanyang mga salita.

Azalea says

superb. wala pang masabi sa ngayon. speechless. nasa proseso pa ako ng pagnamnam at pagtanggap ng lahat ng katatapus ko pa lang basahin. lumulutang pa ako. saka na ako magsusulat ng totoong revyu.

Ben says

Eto walang sipsip factor, 5 stars talaga to. Intelligently sabog. Cleverly wasak. Kung kay Aman 1 thumb up to, sakin 2 thumbs up to.

Si Edgar Samar ay anak ng diwata.

Marami pa akong gustong sabihin. To follow na lang.

Kris Reyes says

This novel displays an elegantly underwritten narrative, bereft of any pretentious attempt to use puristic Filipino language. Edgar Calabia Samar brings you to a world you have always been as if you have never been there before - a world of myths, spirits and unexplained phenomena - which we take for granted as mere urban legends handed down to us through generations since time immemorial.

Some people brand this novel as magic-realist. Granted everyone agrees it is, Samar creates magical realism different from how South American writers do. Unlike the archetypal magic-realism where characters casually treat the unusual the most common thing imaginable, the protagonist in this novel becomes ambivalent accepting his magically real world. Yes, some things are not normal, the protagonist would think. In other words, the protagonist's recognition of the 'unusual' separates this novel from the rest of magic-realist novels.

For instance, Gabriel Garcia Marquez's novel "One Hundred Years of Solitude" brings us to Macondo, a sanctuary for alchemy, magic carpet, literally travelling blood, levitating priest, the almost invincible Colonel Aureliano Buendia and many other supernatural phenomena. Another of Marquez's work "A Very Old Man With Enormous Wings," whose central character is described exactly as what the title suggests, shows us a world where no bizarre creature deserves the village's awe, fear and confusion. Curiosity is the village's only reaction to the old man with enormous wings.

On the other hand, Samar's novel cares nothing about the unusual's discovery, nor it uses magic as an integral part of the plot's progress. Rather, the novel's magic remains as it should be: a mystery. Daniel's abduction by a tiyanak, a native baby-like monster, arouses no curiosity nor it creates a conflict that he has to solve. The novel's magical element becomes a part, if not the subject matter, of a metanarrative - a story within a story. Daniel's only problem is how to write his first novel, or if he can write one at all. He cares nothing about the truth behind anything unusual. His bizarre experience even becomes something of an advantage.

In the end, the innovative aspect of this novel is worth recognizing for: the amalgamation of magic-realism with the metanarrative. The novel is magical, if not itself magic. This novel requires multiple reading, literally. Everytime you read it, you certainly will find something new. It rather raises more questions than discoveries - something that the author is successful with to make this novel wonderfully enigmatic. It is rather Samar's successful attempt at creating his own world of magic-realism.
